

1

Mahabang saglit na ang nagdaan, ngunit hinihintay pa rin ni Alyanna na magsalita si Francis. Seryoso ang mukha nitong nakatuon sa pagmamaneho. Mahigit kalahating oras na silang nagbibiyahe. Mahigit kalahating oras na rin silang hindi nagkikibuan.

Tanging ang banayad na tugtugin mula sa car stereo nito ang maririnig na ingay sa loob ng kotse.

Ilang saglit pa ay inihinto na nito ang sasakyan sa tapat ng tinutuluyan niyang bahay. Bukas na ang mga ilaw sa loob niyon, kaya alam niyang nauna nang dumating sa kanya ang dalawang matalik na kaibigan na ka-share niya sa pagbabayad ng renta ng naturang bahay.

“We’re here,” basag nito sa katahimikang kanina pa bumabalot sa kanilang dalawa.

Kaagad niyang inilagay sa balikat ang strap ng dalang shoulder bag, pero hindi pa siya bumaba ng sasakyan. Nilingon niya ang galit na nobyo. “Francis, I’m sorry.”

Isang hilaw na tawa ang pinakawalan nito.

“Anong klaseng excuse naman ngayon ang gagamitin mo, Al? Alam mo ba kung paano ako nagmukhang tanga sa harap ng parents ko? Dapat dalawa tayong magsasabi sa kanila na engaged na tayo, pero nasaan ka? Wala ka sa office, hindi ka makontak. You were three hours late! Kung kailan nakauwi na sina Mommy at Daddy, saka ka susulpot!” mahabang turan nito. His face was red with anger.

Pakiramdam ng dalaga ay matutunaw na siya sa hiya sa sarili dahil sa ginawang confrontation ni Francis. Napahigpit ang hawak niya sa kanyang shoulder bag.

Humugot siya ng malalim na hininga bago muling nagsalita, “As I said, I’m sorry,” mahina pero sincere niyang sagot. “Isinugod kasi kanina sa hospital ang apo ni Yaya Salome. Kawawa naman ang matanda. Kailangan niya ng kasama sa hospital, kaya nag-undertime na ako sa opisina para samahan siya.”

“Hindi mo sila responsibilidad, Al!” Bakas pa rin ang galit sa boses nito. “Isa pa, hindi mo na siya yaya. Matagal na panahon nang tapos ang paninilbihan niya sa inyo! Is she that important para hindi mo siputin ang appointment natin with my parents?”

Pilit na isinawalang-bahala ni Alyanna ang inis na unti-unting namumuo sa dibdib niya nang marinig

ang sinabi nito. Kahit pa alam niyang guilty at may pagkukulang siya rito, wala pa rin itong karapatang husgahan ang dati niyang tagapag-alaga.

Marahan niyang hinawakan ang kamay nito saka nagpaliwanag, “Francis, please understand. Si Yaya Salome na ang kinilala kong nanay. Siya na ang nag-alaga sa ’kin mula noong mamatay si Mommy sa panganganak sa ’kin. Kailangan niya ako ngayon.”

Mabilis na binawi ng binata ang kamay nitong hawak niya. Matatalim ang tinging ibinigay nito sa kanya, pagkuwan ay mahigpit nitong hinawakan ang braso niya. “O baka naman may iba kang kasamang lalaki?”

“What?” Napakunot-noo siya, hindi makapaniwala sa kanyang narinig mula rito.

Nasasaktan siya sa mahigpit nitong pagkakahawak sa braso niya. Buong lakas niyang ipiniksi ang kamay nito upang makawala. Pinilit niya itong intindihin pero hindi niya maiwasang sumabog nang malamang iyon pala ang iniisip nito.

Hindi na napigil ang dalaga ang inis na kanina pa nararamdaman. “This is insane! Walang patutunguhang maganda ang usapang ’to, Francis. Mabuti pa sa ibang araw na lang tayo mag-usap.”

Mabilis niyang binuksan ang pinto ng sasakyan. Hindi pa siya nakabababa nang hinaklit ng lalaki ang braso niya.

“Don’t you ever lie to me, Alyanna. Akin ka lang!”

Nang makawala mula sa pagkakahawak nito ay mabilis siyang bumaba ng kotse. Sinadya niyang lakasan ang pagsara ng pinto niyon.

Matagal na silang magkasintahan ni Francis, pero ngayon lamang niya ito narinig na nagbanta. Papasok na siya ng bahay nang mapagtanto niya ang gustong gawin. Gusto niyang tanggalin ang suot na engagement ring.

“Al! Bakit parang namumutla ka? Are you okay?” bungad ni Gela nang makapasok siya ng bahay.

“Maybe I’m just tired,” saad niya.

Nanlalambot na pabagsak siyang naupo sa sofa. Ipinikit niya ang mga mata habang marahang hinihilot ang sentido. Ngayon lang niya naramdaman ang sakit ng ulo. Siguro sumakit na ang ulo niya nang magtalo sila ni Francis kanina.

“Let me guess. Nag-away na naman kayo ni Papa Francis?” sabat ni Jas na nasa kusina.

“And let me guess,” dagdag na pang-aasar ni Gela, “maybe you’re wishing you didn’t say ‘yes’ to him.”

Tumango lang si Alyanna para ikumpirma na tama ang hula ng dalawang kaibigan.

“Well, hindi pa huli ang lahat, Friend. Hindi pa naman kayo kasal at kaming dalawa pa lang naman ni Jas ang may alam na engaged na kayo,” anito na pagkatapos ay napatawa nang malakas.

Kilalang-kilala na nga nila talaga ang isa’t isa. Nasa college pa lang ay magkakasama na silang tatlo na nangungupahan. Pawang malalayo kasi ang mga probinsya nila. Hanggang sa magkatrabaho ay solid pa rin sila dahil sa iisang kompanya sila nagtatrabaho. Para sa kanya, they’re more than just best friends. They’re treasures.

Di gaya ng mga kaibigan, ulila nang lubos si Alyanna. Hindi na siya muling umuwi ng Leyte magmula noong pumanaw ang daddy niya. Kaya ganoon na lamang ang pagpapahalaga niya kay Yaya Salome. Ito na lamang ang nakakakuwentuhan niya tungkol sa mga alaala ng mga magulang. Nalaman niyang ang apo nitong si RJ na lamang din ang natitirang kamag-anak nito, kaya ganoon na lamang ang kagustuhan niyang tulungan ang mga ito.

Mayamaya lamang ay nakaupo na sa tabi niya si Gela habang nilalaro ang remote ng TV. Mabilis ding nakalapit sa kanila si Jas na may dala pang cake.

“Kumusta na pala si RJ?” baling ni Gela. Ang tinutukoy nito ay ang limang taong gulang na apo ni Yaya Salome.

“Nakalabas na siya ng emergency room. May broken ribs ang bata dahil sa lakas ng pagkakabundol sa kanya.”

“Sabihin mo lang kung kailangan mo ng tulong, Friend, ha? We will try our best to help,” may pag-aalalang saad nito.

Di maiwasang ma-touch siya sa narinig. Nilapitan niya ito at niyakap. “Thanks, Friend. I’m so blessed kasi mga kaibigan ko kayo.”

“Asus! Blessed din naman kami kasi naging kaibigan ka namin, Al,” turan ni Jas na ayaw magpahuli sa pagdadrama ng dalawa. “Anyway, nagbake ako ng cake para sa ’tin.” Dahan-dahang inilapag nito ang dalang cake sa center table saka umupo na ito sa tabi nila.

Nagtatanong ang mga matang tiningnan niya ang kaibigan. Kilala na niya ito. Hindi ito basta nagbake, unless may mahalagang okasyon.

“Anong meron, Friend?” curious niyang tanong.

Isang matamis na ngiti lamang ang isinagot nito na para bang hindi nito alam kung saan sisimulan ang kuwento. Bahagya niyang itinaas ang kilay habang ibinabaling kay Gela ang tingin. Ito man ay nakangiti lang din habang pasimpleng dinadahan-dahang kainin ang slice ng cake na nasa platito nito.

“Na-promote ka ba sa trabaho?” tanong niya. Umiling lang ito. “Friend, hindi ka naman siguro nanalo sa lotto?”

Sabay na natawa ang dalawang kaibigan sa naging hula niya. Pero mayamaya pa ay itinaas ni Jas ang kanang kamay para ipakita sa kanya ang bagong singsing na nasa ring finger nito.

“Nag-propose kanina si Marco. I said ‘yes’. Al, I’m getting married! Sa Cebu kami magpapakasal,” excited na saad nito.

Magkahalong tuwa at gulat ang naramdaman ni Alyanna sa narinig. Ilang buwan pa lang na magkakilala sina Jas at Marco. Hindi kaya masyadong mabilis ang desisyon ng kaibigan?

Kung sabagay, maraming pagkakataon nang napatunayan ng lalaki na seryoso ito at mahal nito ang kaibigan niya. Sabi nga ng iba, kapag tunay na

nagmamahalan, hindi na dapat nag-aaksaya ng oras at panahon.

Ngunit iba ang sitwasyon nila ni Francis. Hindi niya maintindihan, pero parang may kulang sa relasyon nila. Hindi niya nararamdaman ang excitement na nararamdaman ni Jas ngayong engaged na ito. Mahal naman siya ni Francis at mahal niya rin ito.

Mahal mo nga ba siya, Alyanna? tanong niya sa sarili.

“Uunahan ka pa palang magpakasal nitong bruhitang ’to, Al!” natatawang komento ni Gela.

Naguguluhang kumuha siya ng malamig na tubig sa refrigerator. Paraan na rin niya ito para takasan ang topic na nagbabadyang malipat sa kanya. Maunawain naman ang mga ito. Tiyak na dadamayan siya ng mga kaibigan kapag nagkuwento siya tungkol sa problema nila ni Francis. Maybe this was just not the right time to talk about it.

“By the way, nagpasa na ako ng resignation letter sa office kanina,” patuloy ni Jas. “Gusto kasi ni Marco na sa Cebu na kami manirahan after the wedding. Next week lilipad na ako papuntang Cebu para asikasuhin ang wedding preparations.”

Hindi man sabihin, alam nila ang kahulugan

niyon. Tuluyan nang mapapalayo sa kanila ang kaibigan. Ilang sandali pa'y yakap na nilang dalawa ni Gela si Jas.

“Al! Gumising ka na!”

Pakiramdam ni Alyanna ay hihiwalay na ang kanyang balikat sa katawan niya sa lakas ng pagkakayugyog dito ni Gela. Sinipat niya ang orasan sa side table; alas ocho na ng umaga. Medyo madilim pa rin sa labas dahil sa makakapal at maiitim na ulap sa kalangitan. Malakas din ang patak ng ulan.

Hindi siya bumangon. Gusto pa niyang matulog. Gusto niyang matulog para makalimutan na nami-miss niya si Jas na nakalipad na papuntang Cebu, na may problema sila ni Francis, at may nakabinbin pang bayarin sa hospital si RJ.

“Al, this is serious! Gising na!”

Pinilit niyang labanan ang antok. Naaalimpungatang napatingin siya rito. “What? It’s Saturday for Pete’s sake, Gela!” protesta niya.

“Nasa ibaba ang may-ari ng bahay. Gusto tayong kausapin.”

Awtomatikong nagising ang diwa niya sa narinig.

May isang taon na silang nangungupahan sa bahay na iyon, pero ngayon lang sila personal na pinuntahan ng may-ari nito. Sa Davao umano ito naka-base kaya sa bank account nito lang sila naghuhulog ng pambayad ng renta.

Natutop niya ang labi. Dalawang buwan na silang hindi nakakabayad ng renta! Masyado kasi siyang nakatuon sa gastusin ni RJ sa hospital. Kahit ang budget na pambayad sa renta ay nagamit nilang magkaibigan.

Mabilis na pinoproseso ng utak niya ang gagawing explanation sa may-ari. Dali-dali siyang bumangon at mabilis na sinipat ang sarili sa salamin. Lalabas na sana siyang hindi man lang nagsuklay ng buhok sa kagustuhang huwag paghintayin nang matagal ang bisita sa sala. Mabuti na lang at nandoon si Gela para i-remind siyang mag-ayos.

Natatawang pinagmasdan lamang siya nito. “Relax, Friend,” umpisa nito. “Naipaliwanag ko na sa kanya kanina ang sitwasyon natin. Kung paano tayo nadukutan last month hanggang sa pagsagot natin sa hospitalization ni RJ. He’s nice. He seems to understand.”

“Wait. He? Akala ko ba si Mrs. Rodriguez ang may-ari nitong bahay?” Hindi niya maiwasang

magduda. Marami na ang nanloloko ngayon.

“Well, his name is Drake Rodriguez. Only son daw ni Mrs. Rodriguez. May mga proposals daw kasi siya para sa 'tin kaya gusto niya tayong makausap. Take note, Al, he's stunning!” may bahid ng kilig na komento nito. “Too bad he didn't seem to notice my beauty. Choosy pa ang loko.”

Hindi malaman ni Alyanna kung bakit patuloy siyang kinakabahan habang pababa ng hagdanan. Isang maluwang na white t-shirt at black knee level shorts ang napili niyang isuot bago bumaba. Lalo lamang bumilis ang pintig ng puso niya nang makita ang lalaking prenteng nakaupo sa sofa habang nagbabasa ng pahayagan.

“Good morning, Mr. Rodriguez,” bati niya rito.

Nag-angat ito ng tingin. He flashed a smile that warmed up her cold morning. Inilahad nito ang kamay sa kanya. “Good morning, Miss...?”

“Alyanna de Castro,” sagot niya at magalang na tinanggap ang pakikipagkamay nito.

Hindi maipaliwanag ng dalaga ang excitement na nadarama nang magdikit ang mga palad nila. His hand was warm. His grip was firm. She felt comfort while they shook hands. Parang ayaw na niyang

bitiwan ang kamay nito.

Tahimik na pinag-aralan niya ang binata. Tama si Gela. He got the looks that could make any woman go gaga. His face was perfect. Mula sa maputi at pantay nitong mga ngipin hanggang sa ilong nitong tama lamang ang tangos at mga mata nitong tila nanghi-hypnotize. Boy, she must admit, ito na ang pinakaguwapong Adonis na nakamayan niya so far! Malapad ang mga balikat nito na parang gusto na niyang ikulong ang sarili sa mga bisig nito.

Stop it, Al! You're engaged, remember? He's even a stranger to you! saway niya sa sarili. Humugot siya ng malalim na hininga para ibalik sa katinuan ang isip.

“Natutuwa kami at naiintindihan mo ang sitwasyon namin ngayon, Mr. Rodriguez. Hayaan mo at pipilitin naming bayaran ka bago matapos ang buwang ito.” May bakas ng pangingin ang boses niya nang magsalita. Kinakabahan siya. Sino ba ang hindi? Hindi na inalis ng lalaki ang tingin nito sa kanya at may kung ano sa mga titig nito na nagpapabilis ng heartbeat niya.

“Call me ‘Drake’. I hate formalities, Alya.”

Alya? Kung tawagin siya nito ay para bang matagal na silang magkakilala. Wala pang tumatawag

sa kanya ng ganoon. But anyway, she liked it. She liked the sound of it coming out of his mouth.

“Whatever you please,” aniya na nginitian ito. “I heard you’ve got some proposals for us?”

“Yes... ibinigay na ni Mama ang rights ng bahay na ito sa ‘kin. Basically, I’m your new landlord.” Hinigop nito ang natitira sa kapeng tinimpla ni Gela kanina bago ito umakyat para gisingin ang kaibigan. Nagpatuloy ito, “Dito muna ako titira effective today.”

What? piping tanong niya. Imbis na magsalita ay napamaang na lamang siya habang nakatitig sa guwapo nitong mukha. He must be joking! Pero matapos niyang pag-aralan ang ekspresyon ng mukha nito, nakita niyang seryoso ito sa mga sinasabi.

“You can’t do that to us, Mr. Rodriguez. Hindi mo kami p’wedeng paalisin nang basta na lang! Dapat ay nagbigay ka man lang ng abiso.” Ngayon ay hindi na kaba kundi inis na ang nararamdaman niya para rito.

“It’s Drake, Alya,” pagtatama nito. “I know it’s my fault, kaya nga may baon akong proposals.”

Inayos niya ang pagkakaupo saka sinabing, “Nakikinig ako.”

“I suggest na pansamantala muna tayong

manirahan dito nang magkakasama. Hindi na ako maniningil sa two months na hindi kayo nakabayad ng renta. Plus, libre na rin ang one month stay ninyo rito hanggang makahanap kayo ng ibang malilipatan. I don't intend na paalisin kayo rito. I just need to be in this place badly," mahabang paliwanag nito.

Kung practicality ang paiiralin, hindi na masama ang offer nito. Wala rin naman silang choice. Gustuhin man nilang maglipat kaagad ngayon, wala pa silang sapat na pera.

"So is it a deal?" untag nito.

Nilingon niya si Gela na tahimik lang na nakikinig sa usapan nila ng lalaki. Mabilis pa sa alas kuwatro ang thumbs-up ng loka. Mukhang masaya pa ito na makakasama nila sa iisang bubong si Drake Rodriguez.

"Deal."

"Good. If you're both free tonight, let me treat you to dinner. Bonding tayo sa labas."

"We're free!" mabilis na sagot ng kaibigan na halatang hindi siya binibigyan ng pagkakataong magdahilan. Nang bumaling ito sa kanya ay nginitian siya nito. "Don't worry, Al, ako'ng bahalang magdahilan kay Francis kapag naghanap siya sa 'yo."

2

Dinala sila ni Drake sa *Italianni's Restaurant* sa Makati para maghapunan. Pagkakain ay dumerecho sila sa isang sikat na disco bar na si Gela mismo ang nag-suggest.

Hindi iyon ang unang pagkakataon na nakapasok sa isang disco bar si Alyanna, pero nahihilo pa rin siya sa malilikot na galaw ng mga ilaw sa loob. Kasunod niyon ay ang pagsakit ng kanyang ulo. That's her main reason why she hated nightlife. Imbis na ma-unwind ay lalo lamang siyang nai-stress dito. Ipinaubaya na lamang niya ang pagsasayaw kina Gela at Drake. Hindi na niya mahagilap ang mga ito dahil sa dami ng taong naroon at sa dilim ng paligid. Pinili na lamang niyang manatili sa bar matapos um-order ng inumin.

She was on her third glass of *Bloody Mary* nang may umupo sa tabi niya. Hindi na niya kailangang lumingon para mapagsino ito. She remembered his scent so well. Wala pa mang twenty-four hours mula nang makilala niya ang bago nilang landlord ay kabisado na niya ang pabango nito.

“You drink?” di-makapaniwalang tanong ng binata.

“Occasionally.”

Iniwasan niyang mapatingin sa gawi nito. But she could feel him staring at her. She saw it from the corner of her eyes. Mayamaya pa ay may hard drink na itong hawak.

“Who’s Francis?” casual nitong tanong.

Natigilan siya sa di-inaasahang tanong. Biglang nanuyo ang lalamunan niya. Inabot niya ang sariling kopita saka mabilis na inubos ang laman niyon. She called for another glass of *Bloody Mary*. Parang hindi pa siya sigurado sa isasagot sa kausap. Sino nga ba si Francis sa kanya?

“My fiancé.”

“You sure?” tanong nito sa gitna ng malakas na halakhak. Marami ang lumingon sa gawi nila. Kulang na lamang ay batukan niya ito para matahimik. “Ang tagal mo kasing sumagot,” depensa nito sa sarili nang mapansin ang matatalim na tinging ipinukol niya rito.

“Leave me alone, Mr. Rodriguez.”

“I told you, it’s Drake.”

“Then leave me alone, Drake!”

Leave her alone? Bago sa pandinig ni Drake

ang linyang iyon. Wala pang babaeng nakapagsabi sa kanya ng ganoon kahit pa noong hindi pa siya sikat sa mundo ng car racing. Women wanted to be with him! But now here he was, the famous Drake Rodriguez of the car racing world, being rejected by a simple Alyanna de Castro.

Pinagmasdan niyang mabuti ang dalaga habang tinatapos nito ang iniinom. Nakita niya ang pamumula ng mukha nito dahil malamang sa dami na ng nainom nito. Christ, her face was angelic. Hindi niya maialis ang mga mata rito. Lutang pa rin ang simpleng ganda nito kahit sa dim light. She was young, she was beautiful, and she was a bit drunk kaya ayaw niya itong iwan mag-isa.

His stare rested on her lips. They were pink kahit na hindi ito naglalagay ng lipstick. Suddenly, he wanted to kiss those lips and make her feel loved. Bigla ay natawa siya sa iniisip. Hindi niya ugali ang mag-isip sa ganoong paraan. Not anymore. Not after he lost Kath.

Tumayo na si Alyanna sa kinauupuan matapos makaubos ng ikaapat na kopita ng *Bloody Mary*. Walang balak si Drake na layuan siya, kaya siya na ang lalayo rito.

Unang hakbang pa lamang ay tila umikot bigla ang buong paligid. Nasapo niya ang ulo. She felt her knees go weak at alam niyang babagsak na siya. But thanks to those strong arms that held her to steady her. Nawalan siya ng lakas para tumayo, then everything went black. Naramdaman na lamang niya ang ulo niya sa dibdib ng taong tumulong sa kanya. Then she smelled that familiar scent.

“Alya? Alya, are you all right?” anang baritonong boses bago siya tuluyang nawalan ng ulirat.

Hindi na niya alam ang sumunod na mga nangyari at ayaw na niyang alamin pa. Pero sadya yatang ipinanganak na madaldal si Gela.

“Al, ano ba’ng nangyari sa ’yo kagabi? Mabuti na lang at kasama natin si Drake para buhatin ka papunta sa kotse at sa kuwarto mo. Kung wala siya doon, naku! Baka nabaliw na ako sa kakabuhat sa ’yo pauwi!”

Kulang na lang ay mamula pati kilikili niya sa hiya nang marinig ang kuwento ng kaibigan. Mabuti na lamang at wala sa sala ang lalaki. Kinuha niya ang pahayagan at binasa iyon para i-dismiss ang topic.

Five-time drag racing champion Drake Rodriguez celebrates his victory with former racer Shairen

Arevalo... Nanlaki ang kanyang mga mata na nakatingin sa litrato ng lalaking nasa pahayagan. No doubt it was Drake. Hawak nito ang trophy sa kanang kamay habang mahigpit na niyayakap ang isang babae.

“Nabasa mo na ba ang article diyan tungkol kay Drake? Grabe, sikat pala ang isang iyon!”

Hindi na niya itinuloy ang pagbabasa at ibinalik ang dyaryo sa center table. May hang-over pa siya sa nagdaang gabi kaya, wala siya sa mood na makipagkuwentuhan dito. Saka na lamang niya napansin na nakabihis ang kaibigan. “Aalis ka?”

“May date kami ni Randy. Naikuwento ko na iyon sa 'yo, di ba? Friend, nagiging makakalimutin ka na lately. Epekto ba 'yan ng 'close contact' ninyo ni Drake kagabi?” anito na kinikilig pa.

Umani ito ng irap mula sa kanya bago tuluyang nakaalis. Sa kusina kaagad ang tungo niya nang makaalis si Gela. Siguro ay dahil sa tapang ng nainom niya nang nakalipas na gabi kaya gutom na gutom siya ngayon. Tahimik ang buong bahay. Malamang ay may lakad din si Drake at kanina pa nakaalis. Nang masigurong siya lang ang taong naroon, kampante siyang kumanta nang malakas habang nagluluto.

“That smells delicious.”

Napalundag siya sa gulat nang marinig ang baritonong boses sa likuran niya. Mabuti na lang at hindi niya nabitawan ang dalang baso. Hawak niya ang dibdib nang magsalita. “Utang-na-loob, Mr. Rodriguez, sa susunod ay huwag mo akong gugulatin!” aniya na pinipigil ang inis. Mamamatay siya sa atake sa puso kapag inulit nito ang panggugulat sa kanya.

Imbis na mag-sorry ay natuwa pa sa reaction niya ang binata. “Mukhang masarap ’yang niluluto mo, pero wala sa tono ang boses mo,” anito na ngumiti. Lumapit ito sa kinatatayuan niya para kumuha ng tubig sa refrigerator.

Aba! Namintas pa! Inirapan niya ito bago muling itinuon sa pagluluto ang atensyon.

“May bagong proposal ako para sa ’yo, Alya.” Nakaupo na ito sa tapat ng mesa nang lingunin niya. “Gagawin kong two months ang libreng stay ninyo dito *kung* ipagluluto mo ako ng agahan... everyday.”

Kumunot ang noo niya sa narinig. *Aba’t ang loko pala nito!*

“Hindi naman ako mapili sa pagkain. Kung ano ang agahan ninyo ni Gela, iyon na din ang sa akin. Kayo ang mamimili ng kakailanganin sa bahay, pero

sa akin manggagaling ang budget. How's that?"

"Di ba dapat kaming dalawa ni Gela ang—"

"No, no. Gusto ko kasi ikaw ang magluto," putol nito. Kung sabagay, siya naman talaga ang nagluluto para sa mga kaibigan dati pa dahil hindi marunong magluto ang mga ito. Pabor pa sa kanila ang offer nito.

"Okay, deal."

Pagkakain ay nagmamadaling naghanda na si Alyanna para bisitahin si RJ sa hospital. Ayaw niyang maiwan sa bahay kasama si Drake. Pero mukhang nahuhulaan ng lalaki ang iniisip niya dahil nakaabang na ang kotse nito sa kanya sa labas ng gate.

"Going somewhere, Alya?" nakangiting saad nito.

"Sa hospital. Dadalawin—"

"Hop in."

Hindi pa rin nawawala ang ngiti sa mga labi nito nang buksan nito ang pinto ng front seat. Tatanggi pa sana ang dalaga, pero tila nakalimutan na niya ang sasabihing dahilan rito. Namalayan na lamang niya na ipinagda-drive na siya nito.

“Are you okay now?”

Tango lamang ang tanging isinagot niya rito. Bumibilis pa rin ang tibok ng puso niya kapag kasama niya ito.

“I mean, nakausap mo na ba ang fiancé mo tungkol sa pagdadalawang-isip mo sa kasal ninyo?”

Maang na napatingin siya rito. “What in the world are you talking about, Mister?” nakakunot-noong tanong niya. Saan nito nakuha ang impormasyong iyon?

Hindi siya nito sinagot hanggang sa makaliko sila papunta sa parking lot ng hospital. “Hindi mo na ba matandaan ang sinabi mo sa ’kin sa bar kagabi? Well, you just told me that you’re not sure now if you still love Francis.” Nakangisi pa ito nang magsalita. Ilang sandali pa ay nai-park na nito ang sasakyan.

“Just how badly did I behave last night, Mr. Rodriguez? Anything else I said?” aniya na kunwari ay hindi naapektuhan sa nalaman mula rito. Pero sa loob-loob niya ay gusto na niyang matunaw sa kahihiyang. Kahit sina Gela at Jas na matagal na niyang mga kaibigan ay hindi pa niya nakakausap nang masinsinan tungkol sa bagay na iyon. Pagkatapos heto siya, spilling it all out to a stranger!

It must be the damned Bloody Mary. I swear never to drink that again! piping sisi niya sa sarili.

“Well, nothing more about Francis.” Ngumiti ito sa kanya nang nakakaloko. “Pero may sinabi ka pa sa ’kin bago ka tuluyang nakatulog. I think your exact words were, ‘I love the way you smell, *Honey!*’” Sinadya pa nitong i-emphasize ang katagang ‘Honey’ sa huli.

Shit! Hindi niya maintindihan ang nararamdaman. Gusto niyang sigawan ang lalaki. Gusto niyang maiyak. Gusto niyang magwala. How could she behave that way? Kung hindi siya naglasing, hindi sana siya mapapahiya ngayon. Ni hindi niya alam kung bakit siya naglasing in the first place!

Mabilis siyang bumaba ng sasakyan nito. Hindi na niya hinintay na pagbuksan siya nito ng pinto. Walang lingon-likod siyang dumerecho sa elevator para pumunta sa third floor ng gusali. Hindi na niya nakitang sumunod ang binata. Nakahinga siya nang maluwag.

Kalmado niyang tinungo ang Room 304 kung saan naroon si RJ. Tahimik sa loob. Parehong tulog ang maglola nang madatnan niya. Dahan-dahan niyang tinungo ang isang bakanteng upuan para huwag magising ang matanda, pero sadya yatang

mababaw ang tulog nito.

“Alyanna!” Bakas ang tuwa sa mukha nito nang makita siya. Lumapit siya at nagmano rito. Ngayon na lamang niya naisip na wala man lang pala siyang dalang prutas o kahit na ano para rito. Kung sana hindi na lamang siya nakisakay sa Drake na iyon, hindi niya makakalimutang bumili ng pagkain man lang para sa dating yaya.

“Kumusta na po si RJ?”

“Bumubuti na ang kalagayan niya. Ang sabi ng doctor, ilang araw na lang at p’wede na siyang lumabas ng hospital. Ikaw, kumusta ka?” anito habang hawak ang kamay niya. “Ako na ang nag-alaga sa ’yo mula nang ipanganak ka, Alyanna, kaya hindi mo maitatago sa akin ang lungkot na nariyan sa mga mata mo.”

Pinilit niyang pasiglahin ang tawang pinakawalan niya. “Yaya naman, huwag n’yo na po akong problemahin. Kaya ko na po ang sarili ko. Beinte-ocho na kaya itong alaga ninyo!” Masigla niya itong niyakap. “Ang mabuti pa, ibibili ko muna ho kayo ng makakain.”

Bababa na sana siya nang biglang bumukas ang pinto at iniluwa niyon si Drake na namumutakti

sa dami ng dala nitong naka-plastic na pagkain at drinks. May dala pa itong basket ng assorted fruits sa isang kamay. Awtomatikong sinalubong niya ito para tulungan sa mga dala nito.

“Lunch delivery,” masayang saad nito nang iabot sa kanya ang isang plastic ng drinks. Pakiramdam ni Alyanna ay isa siyang girlfriend na tinutulungan ang boyfriend sa tagpong iyon. Pagkalapag ng mga dala-dala ay dumerecho ang binata kay Yaya Salome saka nagmano rito. “Pasensya na po kayo at sa sobrang pagmamadali ni Alya na makita kayo, naiwan niya sa kotse itong pinamili naming pagkain.”

Pasimple itong tumingin sa gawi niya, sabay kindat. That was impressive. Suddenly, she wished he was Francis.

“Naku! Nag-abala pa kayo. Natutuwa ako at mukhang mabait na tao naman ang pakakasalan nitong alaga ko. Kailan ba ang kasal ninyo?”

Kapwa sila natigilan sa tanong ni Yaya Salome. Gusto niya kaagad itong itama, pero hindi niya mahanap ang boses para magsalita. Hanggang sa maunahan siya ng malakas na tawa ni Drake.

“Sabi ko na nga ba, bagay tayong dalawa, Alya!”

Umismid lamang siya rito, pagkuwan ay

nagpaliwanag sa matanda. “Ya, siya ho si Drake, *landlord* po namin ni Gela,” aniya na binigyang-diin ang salitang ‘landlord’. “Si Francis po ang fiancé ko. Medyo busy po kasi siya ngayon, kaya hindi ko pa siya naipapakilala sa inyo. Nagpapasalamat nga po ako kay Drake at sinamahan niya ako rito.”

“Anytime, Alya. Basta you owe me a meal because of this,” saad nito habang inaayos ang kakainan nilang tatlo. At home na at home ito na para bang matagal na nitong kilala si Yaya Salome. Natural kasi ang pagiging masayahin nito, kaya mabilis itong nakapalagayan ng loob ng matandang babae. Kahit ang inis na naramdaman niya rito kanina lang ay biglang nawala. Bahagya pa siyang napangiti sa hitsura nito habang naghahanda ng pagkain sa maliit na pabilog na mesang naroon.

“Okay,” narinig niya ang sariling sumagot.

“Look at you, you finally learn to smile at me,” malambing na saad nito. Gently, he lifted her chin and for a second, they were staring at each other’s eyes. Mabuti na lamang at hindi iyon pansin ni Yaya Salome.

3

“Flowers na naman! Wow, Al! Naiinggit na kami lahat sa 'yo dito sa opisina. Halos araw-araw nang may flowers 'yang table mo,” excited ngunit nagtatampotampuhang saad ni Gela nang minsang mapadaan sa work station niya. Bahagya nitong ibinaba ang boses nang muling magsalita. “Umamin ka nga sa 'kin, babaita ka. Nanliligaw ba sa 'yo si Drake?”

Sunod-sunod na iling ang isinagot ni Alyanna.

“Sigurado ka? Eh, bakit ikaw lang ang pinapadalhan ng bulaklak? Di ba dapat tayong dalawa?” anito na mas kinikilig pa kaysa sa kanya. “Basta, Al, ipupusta ko ang isang buwan na suweldo ko, may gusto sa 'yo ang Drake Rodriguez na iyon!”

Pinandilatan niya ito ng mga mata. “P'wede ba, Gela, bumalik ka na nga lang sa station mo. Baka makita ka pa ng boss natin na nakikipagdaldalan sa akin sa oras ng trabaho.”

She was dismissing the topic, pero sa kaibuturan ng puso niya ay may nadarama siyang tuwa nang marinig ang sinabi ng kaibigan.

“Asus! Siya na lang kaya ang isama mo sa susunod

na company outing natin? Sigurado akong hindi na naman makakasama iyang si Francis mo. Sabihin mo lang at ako mismo ang mag-i-invite sa kanya. Malay mo kaming dalawa pala ang may future! Imagine, mababasa mo sa papers ang name ko, *Five-time champion Drake Rodriguez marries Angelita Argos...* O, di ba bongga?”

Natawa na lamang siya nang malakas sa pinagsasabi nito. Papatulan pa sana niya ang pagbibiro nito nang mag-ring ang telepono niya. Sinenyasan niya na huwag maingay ang kaibigan bago dinampot ang receiver. Tumayo na rin ito at bumalik sa sariling upuan.

“Hello. Instrument Department.”

“Hello, Ma’am Al.” Si Betty iyon na front desk officer ng kompanya. “Hinahanap kayo ni Mr. Drake Rodriguez dito sa ibaba. Puntahan n’yo na lang po siya sa receiving area bago kayo umuwi. Doon ko po siya pinaghintay sa inyo.”

Biglang bumilis ang kabog ng dibdib niya nang marinig ang pangalan ng binata. What was he doing here?

“Okay, Betty, thank you,” aniya bago ibinaba ang receiver. Sinipat niya ang kanyang wristwatch; fifteen

minutes pa bago mag-uwian.

“Because I need a date. Birthday ni Mama ngayon. Pumunta pa siya rito mula Davao para makasama ako sa celebration niya. She’s throwing a party tonight at the *Great Eastern Hotel*. Ayokong pumunta doon nang walang date dahil tiyak madidismaya si Mama. So naisip ko na baka p’wede mo akong tulungan. Just for tonight, Alya,” paliwanag nito habang nakatuon sa pagmamaneho.

Binabaybay na nila ang daan pauwi. Halos ambon na lamang ang kanina ay napakalakas na ulan. Hindi pa rin nawala sa isip ni Alyanna ang malisyosang ngiti ni Gela nang makita nito kung sino ang sundo niya na super aga dumating. Halos ipagtabuyan pa siya ng kinikilig na kaibigan nang magpaalam siya rito.

Isinandal niya ang likod sa malambot na headrest ng sasakyan ng binata. Iniisip niya ang babaeng kayakap nito sa litrato sa pahayagan. Bakit hindi iyon ang kunin nitong date? Di-hamak na mas sanay sa sosyalan ang mukha ng babaeng iyon kaysa sa kanya.

“I’m sure na marami ka namang kakilala na mas bagay maging date mo kaysa sa akin, Drake. So no. I’m not coming with you, I’m sorry,” walang gatol

niyang sabi.

Ipinikit niya ang mga mata para itago ang kaba sa dibdib. Pinilit niyang i-relax ang sarili nang maramdamang huminto na ang sasakyan. Nasa tapat na pala sila ng gate ng bahay nang hindi niya namamalayan.

“But I want my date to be you.” Nagulat pa siya nang marinig ang seriousness sa boses nito. Ilang linggo na rin niya itong nakakasama sa iisang bahay, pero ngayon lamang niya ito narinig na nagsalita nang ganoon kaseryoso.

Dahan-dahang iminulat ni Alyanna ang mga mata. Nakatitig na ito sa kanya. But his stare was different this time. He was dead serious and there was passion in his eyes. Hindi niya kayang salubungin ang mga mata nito, kaya nagbaba na lamang siya ng tingin. Then she felt him move closer to her. Namahinga sa mga labi niya ang mga mata nito. Tinangka niyang umatras hanggang sa mapasandal siya sa saradong pinto ng sasakyan nito.

He reached out and caressed her cheek. Tila may kung anong excitement na nadarama ang dalaga. Damn it, she was anticipating a kiss! Napalunok siya sa iniisip. A part of her longed to be kissed by him kahit na sinasabi ng utak niya na hindi ito dapat na

mangyari.

He moved even closer to her. So close that she could now feel his breath. Then his lips gently touched hers and she caught her breath. Hindi niya tinugon ang masusuyong halik nito. But he didn't stop exploring her lips. Lumalim ang sumunod na mga halik nito. It became an intense kiss demanding response. Hanggang sa unti-unti na siyang tinangay ng init ng halik nito. She decided to kiss him back.

Naramdaman na lamang niya ang mga kamay na kusang pumulupot sa batok nito, urging him to kiss her more. His hands were on her back, pulling her closer to him. Isang mahinang ungol ang narinig niya mula rito.

Tila ba sasabog na ang kanyang dibdib sa sobrang bilis ng tibok ng puso niya. Gusto na niyang itigil ang kahibangan. Gusto na niya itong itulak palayo, pero parang wala siyang lakas na gawin iyon. Huli na nang mahanap niya ang lakas na itulak ito dahil ito na mismo ang kusang pumutol sa halik na pinagsaluhan nila.

Damn! Damn! Damn!

Pareho silang humihingal nang maglayo ang kanilang mga labi. Awtomatikong namula ang dalaga.

Nag-init ang tainga at mga pisngi niya sa hiya. Literal na gusto niyang matunaw sa kinauupuan para matakasan lang ang lalaki. It was not her first kiss, but it was the first time she responded that way.

Hinawakan nito ang kamay niya saka hinalikan iyon. Nakita niya ang kampante nitong ngiti habang nakatitig sa kanya. Bakit ba kasi parang wala itong ideya kung ano ang epekto ng ngiti nito sa kanya?

“We better hurry, Sweetheart. Alas ocho ang simula ng party ni Mama,” anito na ikinulong ng dalawang kamay ang mukha niya.

Tuluyan nang nilunod ng samu't saring emosyon ang mga idadahilan pa sana niya. Pero bakit masaya pa siya sa ideyang siya ang date ni Drake sa birthday party ng ina nito?

Isang red v-neck cocktail dress ang napiling isuot ni Alyanna para sa dadaluhang party. Gustuhin man niyang magsuot ng iba, wala siyang choice. Iyon lang ang party dress na mayroon siya. Kung hindi pa siya pinilit nina Gela at Jas na bilhin ito para sa nagdaang Christmas party ng company nila, malamang ay wala ito sa closet niya ngayon.

Hindi naman niya pinagsisihan na binili niya ito.

Bumagay ito sa kanya. Lalong pinalutang ng kulay niyon ang kaputian niya. Tama lang din ang fit ng damit na humapit sa magandang hubog ng kanyang katawan.

Isang simpleng ponytail lang ang ginawa niyang ayos sa mahaba niyang buhok. Sa kabuoan ay simple yet sophisticated ang ayos niya.

Nagsisimula na ang party nang dumating sila roon. Halos mapuno na ng tao ang venue. Karamihan sa mga bisita ay pawang may mga edad na rin pero halata sa postura na mayayaman ang mga ito. May ilan pa siyang nakitang TV personalities na naroon.

Humigpit ang hawak niya sa braso ng binata habang papalapit sila sa isang grupo ng mga bisita. May pagdadalawang-isip na sa bawat hakbang ng mga paa niya. Ngayon ay pinagsisisihan na niya kung bakit pumayag siyang sumama pa rito.

“Huwag kang kabahan, Sweetheart. I’m here.” Para bang musika ang boses nito sa kanyang pandinig. Hindi niya maintindihan kung bakit ganoon ka-effective ang assurance nito sa kanya dahil kaagad siyang naniniwala sa mga sinasabi nito.

“Hindi lang siguro ako sanay dumalo sa mga ganitong okasyon. Hindi ko nga alam kung bakit pa

ako pumayag na sumama sa 'yo dito," saad niya. Ilang beses na ba siya nitong tinatawag na 'Sweetheart'? Lalo tuloy siyang naiilang kay Drake. Hindi sila magnobyong para ganon ang itawag nito sa kanya. Pero sa isang bahagi ng puso niya ay natutuwa siya sa term of endearment nito.

"Drake, Hijo!" masiglang salubong ng isang middle-aged woman sa kanila. Sa hinuha niya ay ito na mismo ang birthday celebrant dahil sa malaking pagkakahawig nito sa binata. "I'm so glad you came, Son."

"Happy Birthday, Ma," bati ng lalaki matapos halikan sa pisngi ang ina.

Kaagad namang nabaling sa kanya ang tingin ng matandang may kaarawan. "And I'm glad you finally convinced your girlfriend to come. Naku, Hija! Noong isang taon pa kita gustong imbitahan sa Davao, pero sabi naman nitong si Drake ay lagi ka raw busy sa trabaho mo. I'm really happy you made it on my special day," litanya nito matapos makipagbeso sa kanya.

Malugod na ngumiti si Alyanna sa ginang kahit pa wala siyang alam sa mga sinasabi nito. How come na noong isang taon pa siya gustong makita nito gayoong halos isang buwan pa lamang silang

magkakilala ni Drake?

“Alya, Sweetheart, meet my mother, Erlinda Rodriguez. And Ma, meet my girl, Alyanna de Castro,” pagpapakilala ng binata sa kanilang dalawa.

Sweetheart? My girl? Aba't talagang namimihasa na 'tong lokong 'to, ah! tahimik na reklamo niya, pero hindi niya ito magawang i-confront sa harap ng ina nito. Sa halip ay sinubukan na lamang niyang sakyan ang trip nito.

“Yes, I remember... Alyanna de Castro! My God, ngayon ko lang nalaman na artistahin pala ang nagre-rent ng bahay namin rito!” Bakas ang nag-uumapaw na tuwa sa mukha ng matanda. She couldn't afford to ruin that big smile on the celebrant's face.

“Happy Birthday po, Mrs. Rodriguez.” Iyon na lamang ang isinagot niya rito. Sa loob niya ay gustong-gusto na niyang makausap nang sarilinan si Drake para maliwanagan siya sa bagay na iyon.

“No, no, no. Call me ‘Mama’, Hija!” masayang saad nito.

“Ho?” Hindi niya naitago ang gulat sa kanyang tinig nang magsalita. *Mama?* Hindi niya naiwasang tingnan nang masama si Drake. Anu-ano ba ang ikinukuwento nito sa ina?

“Iyan na nga ba ang sinasabi ko, nagiging workaholic ka na, Sweetheart, kaya pati si Mama ay ‘Mrs. Rodriguez’ ang tawag mo.” Nakangisi pa ito nang humarap sa kanya. “Kayo naman, Ma, huwag n’yong gulatin itong nobya ko. Hindi pa kami kasal.”

Naguguluhang nagpalipat-lipat ang tingin niya sa mag-ina.

“Naku, Hijo! Pasasaan ba at kayo rin ang magkakatuluyan. I can feel it.” Pagkuwan ay nangingislap ang mga mata nito nang tumingin sa kanya. “Mula noong naikuwento ni Drake ang love story ninyong dalawa, I already had the feeling na ikaw na ang babae para sa anak ko, Hija.” Totoo at sincere ang ngiti ni Mrs. Rodriguez nang sabihin iyon.

“Love story po?” Napataas na naman ang kilay niya. Aba at may love story pa pala sila!

“Ang sabi sa akin ni Drake, may nangyari pa nga daw na nagsinungaling siya sa ’yo tungkol sa pagkakarera niya. Ayaw mo daw pala kasing nalalagay sa panganib ang buhay niya, kaya gusto mo na siyang tumigil sa racing. Nagalit ka daw sa kanya at umuwi ka sa probinsya ninyo, kaya hindi ka nakadalo sa paanyaya ko sa ’yo dati kasi hindi alam ng anak ko kung saan ka hahanapin. Naiintindihan kita, Hija. Kahit ako ay dati pa pinapatigil ang mga

anak ko sa racing, pero si Drake lang ang sadyang matigas ang ulo,” mahabang kuwento nito.

Nais matawa ni Alyanna sa istoryang halatang gawa-gawa lamang ng binata. Hindi lang pala ito karerista, nobelista pa!

Narinig niya ang sinabi ni Mrs. Rodriguez tungkol sa mga anak nito. Ang alam niya ay nag-iisang anak si Drake. Inisip na lamang niya na baka nagkamali ng kuwento ang matanda.

Idinaan niya sa pagngiti-ngiti ang sagot. Ayaw niyang magsalita. Mahirap na kapag hindi magkatugma ang sasabihin niya sa kinukuwento ni Drake dito.

“Tama lang ang ginawa mong pagpapahirap muna rito kay Drake bago mo siya sinagot ng ‘oo’, Alyanna,” kuwento ulit nito. “It adds excitement to the courtship. That way, mas marami kayong mababalikang memories ng naging ligawan ninyo kapag mag-asawa na kayo.”

Or kapag hiwalay na kami... di naiwasang dugtong ng isip niya.

“Mag-asawa? Naku! M-malayo pa po kami ni Drake sa puntong iyan. Gusto rin po kasi namin ng maraming memories ng samahan namin bilang

magnobyoy,” tugon niya na hindi inalis ang tingin sa mukha ng binata.

“Drake!”

Isang matinis na boses ang narinig niyang tumawag sa binata. Napalingson siya sa pinanggalingan nito. Kinabahan siya nang mapagsino ang may-ari niyon. Si Shairen Arevalo, ang babaeng kasama ni Drake sa litratong nakita niya sa pahayagan.

Napakaganda nito. Sa gown pa lang nito ay wala na siyang panama.

“Can I borrow you for a minute?” Ubod ng tamis itong ngumiti sa kanila nang makalapit.

“Excuse us, Ladies,” mabilis na saad ng lalaki na ikinadismaya ni Alyanna. Akala pa man din niya siya ang date nito.

Hello! May date bang iniwanan sa ere? piping turan niya sa sarili.

“I’ll be quick, Alya, I promise.” Pagkasabi niyon ay mabilis nitong dinampian ng halik ang labi niya saka nagmamadaling sumunod kay Shairen.

It was a fake kiss, of course. Nagpapanggap silang magnobyoy, kaya natural lang na halikan siya nito sa harap ng ina. It’s part of the game, wika nga.

Hindi man lamang siya nito ipinakilala sa babae. Sabagay, ano ba ang karapatan niya para magselos?

“Pasensya ka na sa anak ko, Alyanna. Masyado talaga siyang nae-excite kapag si Shairen ang kausap. Nagkakasundo kasi sila lalo na kapag cars na ang pinag-uusapan,” sinserong hinging paumanhin ni Mrs. Rodriguez.

Natameme siya. Halos hindi niya magawang irehistro sa isip ang mga ikinukuwento nito sa kanya.

Kung hindi pala niya nabasa sa diyaryo na car racer ito, baka nakakunot-noo na naman siya ngayon habang kausap ang mama nito. But why was she expecting him to tell her about himself, anyway?

God, Alyanna! Hindi dahil pinapadalhan ka niya ng bulaklak sa office, ibig sabihin hindi ka na niya lolokohin! And you are getting married, don't you forget about that, tahimik niyang pagalit sa sarili.

“Naiintindihan ko naman po. S-sanay na ako kay Drake,” pagsisinungaling niya rito.

Nagi-guilty siya. Wala naman kasing totoo sa pinag-uusapan nila ni Mrs. Rodriguez. Ang malinaw lang ay nagsisinungaling si Drake sa ina nito. At siya naman itong si Tanga ay nakikisakay pa sa panloloko nito.

What the hell was happening to her? Hindi niya ugaling magsinungaling at manloko. At lalong hindi niya ugaling paglaruan ang damdamin ng ibang tao.

Ngunit iyon ang ginagawa niya ngayon. Niloloko niya si Mrs. Rodriguez. Niloloko niya si Francis at niloloko niya maging ang sarili niya.

“Salamat, Hija.” Maluha-luhang hinawakan ng ginang ang kamay niya. “Thank you for coming into Drake’s life and for helping him move on. Ang akala ko’y habang-buhay nang magiging barumbado ang kaisa-isa kong anak na lalaki dahil sa naging break-up nila ni Kath.”

“Ho?” maang na tanong niya.

“Masyado kasing minahal ng anak ko si Kath, pero obviously, hindi sapat ang pagmamahal ni Kath. Ipinagpalit niya ang anak ko sa iba. Doon nagsimulang mahilig sa drag racing si Drake. It’s his way of trying to forget her. He never had a serious girlfriend since then kaya nag-aalala ako. But then, here you are, Alyanna. Sa wakas, hindi na ako dapat pang mag-alala.”

So that’s it. That explained why she was here at kung bakit sila nagpapanggap na magkasintahan ni Drake. Gusto lang nitong mawala ang pag-aalala ng

mama nito. He was using her!

Naiintindihan na niya kung bakit sinasabi nito sa ina na isang taon na silang magkakilala.

It's all fake! Ano pa ba ang inaasahan niya? Hindi pa niya masyadong kilala si Drake. At ngayon ay alam na niyang may kapasidad itong gawin sa kanya ang bagay na iyon.

Mabilis siyang nakakuha ng kopita ng alak sa isang nagdaang waiter. Walang anu-ano niyang ininom ang laman niyon para tanggalin ang nararamdamang paninikip ng lalamunan. Gusto niyang maluha dahil sa inis at galit sa binata.